ACTIVITY

A. Gumuhit at isulat. Isulat ang Exodo 3:2 sa kaliwa at iguhit ito sa loob ng kahon sa kanan.

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____



B. Kumpletuhin ang pangungusap. Isulat ang tamang salita sa patlang.

1. Si _____ ang nag-aalaga ng kawan ng kanyang biyenan na si Jethro.
2. Nakita ni Moses ang isang mababang punongkahoy na _____ ngunit hindi nasusunog.
3. Sinabi ng Diyos, "Ako ang Diyos ng iyong mga _____."
4. Nais ng Diyos na ilabas ni Moses ang mga Israelita mula sa _____ at dalhin sila sa lupang _____ Niya.
5. Magpapakita ng kababalaghan si Moses gaya ng naging _____ ang kanyang tungkod at nagkaroon siya ng _____ sa balat upang paniwalaan siya ng mga Israelita.
6. Pinakita muli ni Moses ang pagaalinlangan niya nang sabihin niya na hindi siya _____ magsalita.

7. _____ ang Diyos nang sabihin ni Moses na iba nalang ang Kanyang isugo.

Pinili ng Diyos si Moses para sa isang mahalagang gawain, ang palayain ang bayang Israel mula sa pagkaalipin sa Egipto. Bagamat pinakita ng Diyos kay Moses ang Kanyang kapangyarihan at kung paano Niya siya tutulungan, makikita pa rin ang kanyang pag-aalinlangan. Kilalanin natin ang kapangyarihan ng Diyos. Hindi Niya ipagagawa sa atin ang isang bagay na hindi natin nakakayang gawin. Siya ang tutulong sa atin sa lahat ng pagkakataon, kailangan lang magtiwala at sumunod sa Kanya.

C. Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong

Si Kevin, ay ang batang maraming dahilan at mahilig magpalusot. Sa tuwing uutusan siya o kaya ay papatulungin ng kanyang mga magulang sa isang gawaing bahay, lagi na lang siyang may dahilan o kaya ay palusot upang hindi sumunod. Maging sa paaralan, ganito rin ang ugaling ipinapakita ni Kevin. Napansin ng kanyang Math teacher na si Ms. Jessica na mahusay si Kevin sa Math kaya pinili niya ito na maging representative ng paaralan sa isang Elementary Math Quiz Bee. Ngunit gaya ng dati may dahilan si Kevin upang hindi gawin ito.

Kevin: *Ma'am, huwag na lang po ako. Si John na lang. Mas magaling siya sa akin. Mabagal po ako sa problem solving tsaka wala po akong panahon na mailalaan para maghanda sa competition.* (Sabay kamot ng ulo.)

Kinausap ng Class Adviser ni Kevin ang kanyang mga magulang nang malaman ang pangyayari.

Mr. Cruz: *Mr. and Mrs. Lopez si Kevin pala ay napakahusay sa Math kaya naman pinili siya ni Ms. Jessica para mag-compete sa Math Quiz Bee.*

Binanggit ni Mr. Cruz ang dahilan ng pagtanggi ni Kevin gayun din ang ugaling napansin nila sa kanya. Kaya naman paguwi sa bahay ay kinausap ng mag-asawa ang kanilang anak.

Binati nila ang anak sa pagkapili bilang representative ng paaralan na lalaban sa Math Quiz Bee. Inalam din nila ang dahilan na kanyang pagtanggi. Matapos marinig ang dahilan ni Kevin, pinagsabihan din nila siya patungkol sa hindi niya magandang ugali ng pagdadahilan at pagpapalusot para makaiwas sa isang gawain. Binanggit nila ang ginagawa niyang iyon ay isang paraan ng pagsuway na hindi dapat ginagawa ng isang batang katulad niya.

Mga tanong:

1. Anong ugali ni Kevin and dapat niyang baguhin?

   _____

2. Ano ang dapat gawin ni Kevin matapos tawagan ng pansin ng kanyang magulang ang hindi magandang ugali niya?

   _____

   _____

Gaya ni Kevin, tayong mga bata ay minsan mahilig din magpalusot o magdahilan kapag may pinapagawa sa atin na ayaw natin gawin. Minsan naman ay ayaw nating gawin dahil wala tayong tiwala sa ating sarili na kaya natin gawin ito. Alin man sa dalawa ang dahilan natin, dapat na alalahanin na ito ay hindi magandang ugali at dapat na baguhin. Kung kulang tayo ng tiwala sa sarili, isipin lagi na ang Diyos ang kumikilos upang palakasin ang iyong loob kaya humingi ng tulong sa Kanya at gawin ang iyong bahagi upang magtagumpay.

D. Memory Verse

Ang lahat ng ito'y magagawa ko dahil sa lakas na kaloob sa akin ni Cristo.
Filipos 4:13